



**NAKAKAMATAY NA MGA AKSIDENTE
SA DAGAT IMPORMASYON PARA SA
PAMILYA AT MGA KAIBIGAN**

Kasunod ng isang aksidente sa dagat na nagresulta sa pagkasawi, ilang mga opisyal ng kagawaran ay susubukan na matuklasan kung anong nangyari. Ang pulis, mga opisyal ng gobyerno, mga abogado, mga tagatasa ng insurance at mga marine surveyor ay magtatanong ng mga magkakatulad na katanungan, kahit na mula sa iba't ibang pananaw. Madalas itong tila nakakalito sa pamilya at mga kaibigan.

Ipinapaliwanag sa polyetong ito ang tungkulin ng Marine Accident Investigation Branch (MAIB) ng United Kingdom sa pag-iimbestiga sa mga aksidente sa dagat, at nagtatakda sa panahon ng imbestigasyon, kung paano makikipag-ugnayan ang Sangay sa pamilya at mga kaibigan ng mga sumakabilang-buhay. Sinusubukan din nito na sagutin ang mga madalas na katanungan.

Marine Accident Investigation Branch (Sangay ng Imbestigasyon para sa Aksidente sa Dagat)

Ang MAIB ay itinatag kasunod ng sakuna ng ro-ro ferry na *Herald of Free Enterprise* noong 1987, na ang tanging layunin ay ang pag-iimbestiga sa mga aksidente sa dagat na may layunin na mapahusay ang kaligtasang pandagat. Ang Sangay ay isang independiyenteng bahagi ng Department for Transport (Departamento ng Transportasyon) at nakabase sa Southampton.

Iniiimbestigahan ng MAIB ang lahat ng uri ng mga aksidente, para sa parehong mga barko at sa mga taong nakasakay rito, upang malaman ang mga sanhi at pangyayari, at upang makapagbigay ng mga rekomendasyon na makakatulong na mabawasan ang posibilidad ng pag-ulit nito. May obligasyon ang Sangay na imbestigahan ang halos lahat ng pangkalakal na aksidente sa dagat na nagresulta sa kamatayan, at ang

Proteksyon ng Impormasyon

Inisagawa ng MAIB ang mga gawain nito sa ilalim ng mga probisyon ng Merchant Shipping (Accident Reporting and Investigation) Regulation 2012. Ang mga regulasyon at ang Seksyon 259, 260 at 267 ng Merchant Shipping Act 1995 kung saan ang mga ginagawa ay ayon sa regulasyon, ay pinapayagan ang MAIB na makakuha ng impormasyon na kinakailangan upang maisagawa ang pagsisiyasat nito.

Ang kapangyarihan ng MAIB upang iproseso ang personal na impormasyon ay ayon sa mga probisyon ng Artikulo 6.1 (e) ng General Data Protection Regulation (GDPR) kung saan ang *"pagproseso ay kinakailangan upang maitagawa ang interes ng publiko o maitagawa ng awtoridadong opisyal na ipinagkaloob sa kontroler"*. Ito ay ipinaliwanag ng mas detalyado sa Seksyon 8 ng Data Protection Act 2018.

Kung nais mabasa ang buong detalye kung paano nakakaapekto ang GDPR sa paraan ng paggamit at pag-imbak ng inyong impormasyon, pumunta sa:

<https://www.gov.uk/government/organisations/marine-accident-investigation-branch/about/personal-information-charter>

Tulong at Payo

Ang mga sumusunod na organisasyon ay maaaring makapaghandog ng payo at suporta sa mga kamag-anak:

Organisation	Telephone number
Seafarer Support	+44 (0)800 121 4765
Fishermen's Mission	+44 (0)1489 566910
Mission to Seafarers	+44 (0)20 7248 5202
Shipwrecked Mariners' Society	+44 (0)1243 789329
Sailors' Society	+44 (0)23 8051 5950
Cruse Bereavement Care	+44 (0)808 808 1677
Stella Maris	+44 (0)20 7901 1931
International Seafarers' Welfare and Assistance Network	+44 (0)300 012 4279

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa MAIB o para sa impormasyon tungkol sa mga partikular na aksidente, makipag-ugnayan sa MAIB sa address sa ibaba:

Marine Accident Investigation Branch

First Floor, Spring Place
105 Commercial Road

Southampton
SO15 1GH
United Kingdom

Telepono: +44 (0)23 8039 5500
Email: iso@maib.gov.uk
Website: www.gov.uk/maib

Ang proseso ng pagkokonsulta ay maaaring tumagal nang hanggang 2 buwan, kung saan pagkatapos nito ang ulat ay ipapadala sa Secretary of State for Transport at ilalathala. Ang lahat ng mga imbestigasyon ng MAIB ay maaaring makuha ng publiko, walang bayad, para sa sinumang humiling ng mga ito, at maaaring mabasa at ma-download ang mga ito mula sa website ng MAIB. Ang mga ulat ng MAIB ay maaaring ilahad sa pagsisiyasat ng Coroner sa pagkamatay at mga katanungan tungkol sa mga nakakamatay na aksidente, pero hindi ito pinapahintulutan sa Mga Korte na ang layunin ay ituro ang masisisi o mananagot.

Ang Pagwawakas

Lubos na may malay ang MAIB sa pagdurusa na sanhi ng kamatayan ng isang malapit na kamag-anak o kaibigan sanhi ng isang aksidente sa dagat. Ang Sangay ay may pananagutan sa pagbibigay ng masusi, propesyonal na mga ulat tungkol sa mga sanhi at pangyayari ng nasabing mga aksidente sa pinakamabilis na paraang maaari, habang patuloy na lubos na nagbibigay ng impormasyon sa pamilya sa bawat yugto ng imbestigasyon nito

Chief Inspector ay may kapangyarihan na imbestigahan ang panlibangan na hindi-pangkalakal na aksidente kung saan itinuturing na mayroong mga mahahalagang leksyong pangkaligtasan na matututunan dito.

Hindi nagtuturo ng masisisi o mananagot ang MAIB. Ito ay hindi isang tagapamahala o taga-usig na awtoridad at **hindi** nito maipipilit ang mga rekomendasyon nito.

Kapag May Naganap na Aksidente

Kasunod ng aksidente sa dagat, ang may-ari ng sasakyang-dagat kasama ng isang mas nakatatandang miyembro ng tauhan ng sasakyang-dagat ay inuutusang mag-ulat sa MAIB, sa lalong madaling panahon, kahit na ang unang pag-aabiso ay maaaring magmula sa coast guard (hukbong baybayin-dagat) o sa lokal na pulisya.

Ang Paunang Pagtatasa

Minsan ang buong saklaw ng aksidente ay hindi malinaw sa mga paunang ulat. Sa nasabing mga pangyayari, ang Sangay ay maaaring magsagawa ng isang Paunang Pagtatasa upang makakuha ng karagdagang mga detalye at makapagpasya kung natugunan ang kriterya para makapagbigay ng karagdagang imbestigasyon na hahantong sa isang ulat na maaaring makuha ng publiko. Kung magpasya ang Chief Inspector na hindi magpatuloy sa isang imbestigasyon, ipagbibigay-alam sa lahat ng mga kasangkot na partido. Karaniwan itong nagaganap sa loob ng 3 linggo mula nang maganap ang aksidente.

Ang Imbestigasyon

Sa sandaling nakapagdesisyon na upang mag-imbestiga, isang pangkat ng mga inspektor ng MAIB ay may tungkulin na isagawa ang imbestigasyon. Ang mga inspektor ay lubos na kuwalipikado at lubos na may karanasan na mga indibiduwal na mula sa nautical, marine engineering, naval architecture at fishing na edukasyon. Habang ang lahat ay lubos na sanay at may kakayahan na mag-imbestiga sa mga aksidente sa dagat ng anumang uri, kung kinakailangan ay gagamit din sila ng mga kaalaman ng mga eksperto sa industriya.

Ang lahat ng mga imbestigasyon ay naghahangad ng mga sagot sa apat na pangunahing mga tanong:

- ▶ *anong nangyari?*
- ▶ *paano ito nangyari?*
- ▶ *bakit ito nangyari?*
- ▶ *ano ang magagagawa upang maiwasan itong mangyaring muli?*

Ang dalawang imbestigasyon ay hindi kailanman magkakapareho, at ang proseso ay maaaring may iba't ibang paraan. Karaniwan ay nais makita ng mga inspektor ang mga logbook, mga tsart at iba pang mga dokumento at makikipagpanayam doon sa mga taong maaaring magbigay linaw sa naganap. Malamang kumuha rin sila ng mga litrato, suriin ang mga pisikal na katibayan, at suriin ang mga rekord sa computer. Kung ang sasakyang-dagat ay naglalaman ng isang Voyage Data Recorder ('black box'), ang data ay tatanggalin at sisiyasatin.

Kung ang sasakyang-dagat ay nawala sa karagatan, ang layunin ng MAIB ay subukan na alamin kung bakit. Minsan, ang mga nawala o lumubog na sasakyang dagat ay napapatunayang mahirap hanapin. Gayunman, kung natagpuan ang mga labi ng sasakyang-dagat, at kung posible, aayusin ng MAIB ang isang inspeksiyon sa ilalim ng dagat upang subukan at maitatakda ang mga dahilan sa pagkawala ng sasakyang-dagat. Ang MAIB ay walang pananagutan na makuha muli ang mga labi ng katawan, o para sa mga pagmamarka, paghihila o pag-aalis ng labi ng sasakyang-dagat, ngunit sa ilang mga katangi-tanging kaso, ang desisyon ay maaaring gawin upang angatin ang labi kung ito ay kinakailangan para mapasulong ang imbestigasyon. Sa nasabing mga pagkakataon, makikipag-ugnayan ang MAIB sa mga nauugnay na awtoridad upang mapatupad ang kinakailangan na pagbawi. Sa buong itatagal ng anumang pagkilos sa ilalim ng tubig, ang namumunong inspektor ay magsisikap upang mapanatiling may kaalaman ang pamilya at mga kaibigan bago malaman ng publiko ang mga pakay ng Sangay.

Sa napaka-karaniwang salita, tumatagal sa pagitan ng 7 buwan at isang taon para makumpleto ang isang imbestigasyon at makalathala ng isang ulat. Maaaring mistulang matagal na panahon ito, pero maaaring kinakailangan upang makapanayam ang maraming mga indibiduwal, masuri paulit-ulit ang mga katibayan, masiyasat ang mga kagamitan at kumonsulta sa mga teknikal na eksperto. Madalas, ang tunay na sanhi ng isang aksidente ay lubos na iba mula sa mga dahilan na natukoy sa agarang resulta ng isang sakuna.

Pakikipag-ugnayan sa Pamilya at Mga Kaibigan

Anumang aksidente sa dagat o sa baybayin na kinasasangkutan ng kamatayan ay nagdudulot ng sakit at pagdurusa. Ang mga nakaligtas, ang pamilya at komunidad ay nakakaramdam ng pamimighati, kawalan at pagkalito. Marami silang magiging mga tanong, at sa isang punto ay nais na malaman kung "*anong nangyari*" at "*bakit*".

Lubos na pinapahalagahan ng MAIB ang panatiling may kaalaman ang pamilya at mga kaibigan ng biktima tungkol sa mga alam na katotohanan ng isang imbestigasyon. Sa umpisa ng imbestigasyon, ang namumunong inspektor ay makikipag-usap sa malapit na pamilya, nang direkta o sa pamamagitan ng Family Liaison Officer ng pulisya, upang makapagpapatibay ng punto sa pakikipag-ugnayan para makapagpasa ng impormasyon.

Karaniwang aayusin ng namumunong inspektor ang pagbisita sa kagyat na pamilya sa sandaling maaari ito, upang ipaalam sa kanila ang tungkol sa imbestigasyon. Ang komunikasyon na ito ay karaniwang isang oportunidad para makapagbigay ng impormasyon ang dalawang panig, dahil madalas na ang pamilya ay may importanteng impormasyon tungkol sa sumakabilang-buhay o sa mga pangyayari sa aksidente na kailangang isaalang-alang ng mga inspektor. At, posible rin na kailanganin ng mga inspektor na makita ang mga mahahalagang sertipiko o iba pang mga dokumento hinggil sa propesyon na maaaring nakatabi sa bahay. Hindi ito kailanman maging madali para sa alinman sa dalawang panig, pero ang mga inspektor ay parating makikipag-ugnayan sa pamilya bago bumisita.

Pagkatapos nito, ang namumunong imbestigador ay regular na magbibigay ng pinakahuling impormasyon sa pamilya, pero ang mga pamilya ay parating malugod na tinatanggap na makipag-usap doon sa mga nagsasagawa ng imbestigasyon kahit kailan upang malaman ang pagsulong nito.

Ang Ulat ng Imbestigasyon

Habang palapit na ang pagwawakas ng imbestigasyon, isasaayos ng namumunong inspektor ang pagkaloob sa kagyat na pamilya ng isang pribadong pagbibigay-impormasyon tungkol sa mga natuklasan ng MAIB. Sa yugtong ito, isang kopya ng balangkas na ulat ay ipapasa sa pamilya, na aanyayahan na isaalang-alang ang mga nilalaman nito at upang makapagbigay ng puna at komento sa Sangay. Mainam na isaalang-alang ng Namumunong Inspektor ang lahat ng mga komento, at ang ulat ay iwawasto kung naaangkop bago ito maaaring makuha ng publiko.